



PAGSUSURI SA PAGSASALIN AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA TRADISYUNAL NA AWIT AT TULA NG MGA LUMAD SA MINDANAO: KATUMPAKAN NG WIKA AT PAGPAPANATILI NG KULTURA

Emely Jane M. Rocas

ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa Pagsusuri sa Pagsasalin at Pagpapakahulugan ng mga Tradisyunal na Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao: Katumpakan ng Wika at Pagpapanatili ng kultura. Ito rin ay nakatuon sa pag-alam ng ugnayan sa pagitan ng mga baryabol na nabanggit. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang antas ng pagsusuri sa pagsasalin ng awit at tula ng mga lumad sa Mindanao. Gayundin ang antas ng pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad. Bukod dito, nilalayon ding alamin ang antas ng katumpakan ng wika at pagpapanatili kultura. Sa huli, ninanais ding tukuyin kung may makabuluhang kaugnayan ang pagsusuri sa pagsasalin at pagpapakahulugan ng awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura.

Ginamit na disenyo sa pananaliksik na ito ang deskriptibong paraan. Nagsilbing tagatugon ang Isandaang (100) mag-aaral sa Ika-10 baitang ng Camp Vicente Lim Integrated School Taong Panuruan 2024-2025. Ginamit na instrumento sa pananaliksik na ito ang mean at standard deviation upang matukoy ang antas ng pagsusuri sa pagsasalin at pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula. Samantalang Pearson Product Moment Correlation Coefficient ang ginamit sa pagtukoy ng ugnayan sa pagitan ng mga baryabol.

Lumabas sa pag-aaral na ang antas ng pagsusuri sa pagsasalin ng awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao ay binigyang interpretasyon na Lubos na nasuri. Sa antas naman ng pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad ay may interpretasyong lubos na nabigyang-kahulugan. Gayundin sa Antas ng katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura ay may interpretasyong lubos na naisalin. At sa huli, walang makabuluhang kaugnayan ang pagsusuri sa pagsasalin at pagpapakahulugan ng awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura.

Sa kadahilanang hindi nagpakita ng makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng pagsusuri sa pagsasalin at pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura, ang mga hypothesis ay tinanggap sapagkat nangangahulugan lamang na ang kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin ay hindi sapat upang magkaroon ng direktang impluwensya sa sakop na aspetong nabanggit.

Batay sa mga pagsusuri, iminumungkahi na ang mga tagapagsalin ay dapat na magpatuloy sa pagsasanay, lalo na sa aspetong kultural ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad. Gayundin ang higit na pagbibigay-pansin sa pagtuturo ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad, hindi lamang sa antas ng wika kundi pati na rin sa mas malalim na pagkaunawa sa kanilang kultural na konteksto upang mapanatili ang kalidad ng salin.

SUSING SALITA: Awit ng mga Lumad, Katumpakan ng wika, Orihinl na Teksto, Tradisyunal na Paniniwala, Metapora at Symbolismo.

PANIMULA

Ang Awit ay isang uri ng panitikan na nagpapahayag ng mga damdamin at kaisipan sa pamamagitan ng mga salita at musika. Ang Awit ay maaaring maging isang paraan ng pagpapahayag ng mga emosyon, pagkakaisa at pagkakaugnay ng mga tao. Samantalang ang Tula naman ay panitikan na nagpapahayag din ng damdamin at kaisipan sa pamamagitan din ng mga salita at ritmo. Ika nga nila, walang awit kung wala ang tula dahil bago magkaroon ng awit ay naisatitik muna ito sa pamamagitan ng tula bago malapatan ng himig o tono.

Ayon kay Tigno (2021), ang “Lumad” ay hindi lamang isang panrehiyong pagkakakilanlan kundi isang *political and cultural assertion* ng mga katutubong grupo sa Mindanao. Sa harap ng mga suliraning kinakaharap ng mga Lumad gaya ng militarisasyon, pag-aagawan sa lupang ninuno, at diskriminasyon, nagiging mahalaga ang pagsusuri sa kanilang mga awit, tula, at kwento bilang anyo ng *resistance literature*.

Ipinapakita sa mga panitikan ng Lumad ang kolektibong damdamin ng komunidad, at ang kanilang ugnayan sa kalikasan at espiritwalidad ay laging nakaugat sa wika at panitikang orality..

Ang Lumad ay tumutukoy sa mga katutubong grupo sa Mindanao sa Pilipinas. Ang salitang “Lumad” ay nagmula sa mga wikang Binukid at Higaonon, na ang ibig sabihin ay “katutubo” o “tao ng lupa”. Ito rin ay nagpapahayag ng pagkakakilanlan at pagkakaugnay ng mga katutubong grupo sa Mindanao. Nangangahulugan lamang sa sinabi ni Tigno na ang pagsasalin o interpretasyon ng mga Lumad na tula at awit ay nangangailangan ng masinsinang pag-unawa sa kontekstong kultural ng mga ito, upang hindi mawalay ang kahulugan sa pinanggalingang kultura. Hindi sapat ang literal na pagsasalin; kailangan ng *cultural translation* na isinasalang-alang ang kaalaman sa kasaysayan, ritwal, at paniniwala ng mga Lumad.



Ang mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao ay mahalagang bahagi ng kanilang mayamang kultura at kasaysayan. Ang mga ito ay higit pa sa mga likhang sining; nagsisilbi silang tagapagdala ng mga paniniwala, kaugalian, at pagpapahalaga ng komunidad. Sa kabila ng patuloy na modernisasyon at ang pagpasok ng iba't ibang impluwensiya mula sa labas, nananatiling mahalaga ang mga tradisyunal na anyo ng sining na ito. Ang wastong pagsasalin at pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad ay isang kritikal na hakbang upang matiyak ang pagpapanatili ng kanilang wika at kultura.

Binanggit ni Ki (2021), ayon kay Rabin ang pagsasalang-wika ay isang proseso kung saan ang isang pahayag, pasalita man o pasulat, ay nagaganap sa isang wika at ipinapalagay na may katulad ding kahulugan sa isang dati nang umiiral na pahayag sa ibang wika." Sa madaling salita, ang pagsasalin ng wika ay ang pagsasalin o paglilipat sa pinakamalapit na katumbas nito sa lokal na wika ng ibang lugar.

Ipinahayag din sa artikulo ni Dela Cruz (2020) Iginiit ni Virgilio Almario, Tagapangulo ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at kilalang tagasalin, panahon na para makilala ang propesyong ito sa bansa na dapat ding bigyang-pansin ng gobyerno ng Filipinas.

Napakarami nating dapat pag-aralang wika at nangangahulugang naparaming dokumento, literatura, at iba pang sulatin na dapat nating maisalin mula sa iba't ibang tungo sa filipino o kaya mula sa filipino tungo sa iba't ibang wika," wika ni Almario. Sa pananaliksik na ito, sisiyasatin ang mga pamamaraan ng pagsasalin at ang antas ng katumpakan ng wika upang masiguro na ang mga orihinal na mensahe at kahulugan ay nananatiling buo at tapat sa kanilang pinagmulan.

RESULTA AT TALAKAYAN

Talahanayan 1. Antas ng Pagsusuri sa Pagsasalin ng Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa Pamamaraan ng Pagsasalin

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Nailalarawan nang maayos ang salin ng tradisyunal na awit o tula, gayundin nananatiling tapat sa orihinal na diwa ang kahulugan ng teksto.	4.73	0.50	Lubos na Sumasang-ayon
Isinasaalang-alang ang kahalagahan ng kontekstong kultural ng orihinal na awit o tula upang maiwasan ang maling interpretasyon sa pagsasalin.	4.64	0.54	Lubos na Sumasang-ayon
Sa pagsasalin, binibigyang-prayoridad ang estrukturang pampanitikan ng orihinal na teksto.	4.71	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Ginawa ang paglilipat ng metapora at simbolismo sa salin nang hindi nawawala ang orihinal nitong kahulugan at epekto.	4.63	0.62	Lubos na Sumasang-ayon
Gumamit ng makabagong pamamaraan ng pagsasalin at nakatulong sa mas epektibong pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad.	4.64	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean	4.67		
SD	0.58		
Verbal Interpretation	Lubos na Nasuri		

Batay sa nakalap na resulta nagpapakita lamang na mataas ang antas ng pagsusuri ng mananaliksik sa pagsasalin ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa pamamaraan ng pagsasalin.

Kagaya sa pahayag ni Ladines (2019), nahihirapan ang mga mag-aaral sa paraan ng pagsasalin ng wika dahil sa pagkakaiba-iba ng kultura. Kaya, nagkakaroon din ng iba't ibang

Ayon pa rin sa artikulo ni Dela Cruz (2020), Giit pa ni Narvaez, malaki ang gampanin ng pagsasalin sa pag-unlad ng bansa na binubuo ng maraming wika. "Mahalaga yung pagsasalin dahil mayroon din itong gampaning pangwika para sa bansa. Katuwang ng pag-unlad ng isang wikang pambansa ang pagsasalin. Kasangkapan ito para maangkin natin sa ating wika ang mgaangkat na kaisipan, karanasan sa isang multilingguwal na lugar tulad ng atin," wika ni Narvaez. "Sa pagsasalin din ang paraan para mailahok ang ambag ng iba't ibang katutubong kultura sa isang pambansang kamalayan na nakapaloob sa isang pambansang wika," dagdag pa ni Narvaez.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa Pagsusuri sa Pagsasalin at Pagpapakahulugan ng mga Tradisyunal na Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao: Katumpakan ng Wika at Pagpapanatili ng Kultura. Layunin ng pananaliksik na ito na magbigay ng gabay para sa mga susunod na mananaliksik, guro, at mga tagapagsalin upang matiyak na ang mga tradisyunal na akdang ito ay nananatiling buhay at tapat sa kanilang pinagmulan. Sa ganitong paraan, maaari nating masiguro na ang yaman ng kultura ng mga Lumad ay patuloy na magbibigay ng inspirasyon at karunungan sa mga susunod na henerasyon.

METODLOHIYA

Ginamit na disenyo sa pananaliksik na ito ang deskriptibong paraan. Nagsilbing tagatugon ang Isandaang (100) mag-aaral sa Ika-10 baitang ng Camp Vicente Lim Integrated School Taong Panuruan 2024-2025. Ginamit na instrumento sa pananaliksik na ito ang mean at standard deviation upang matukoy ang antas ng pagsusuri sa pagsasalin at pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula. Samantalang Pearson Product Moment Correlation Coefficient ang ginamit sa pagtukoy ng ugnayan sa pagitan ng mga baryabol.

interpretasyon sa kahulugan ng isang salita na siyang nagdudulot ng kalituhan sa mga mag-aaral. Sa isang pagsasalin, marapat lamang na tingnan at maintindihan ang bawat salitang sumasalamin sa isang kultura na pinanggalingan ng salin. Sa katunayan, ang mga tekstong nakalimbag sa wikang nauunawaan ng lahat ay higit na makatutulong sa mga mag-aaral at guro na maunawaan ang nilalaman at nais ipahiwatig nito. Ito ay napakahalaga lalo sa larangan ng edukasyon dahil



nagiging dahilan ito upang umunlad ang kaalaman at ang isang wika.

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng pagsusuri sa pagsasalin ng awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa Katumpakan ng Wika.

Talahanayan 2. Antas ng Pagsusuri sa Pagsasalin ng Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa Katumpakan ng Wika

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Nasusukat ang paggamit ng wika sa pagsasalin sa pamamagitan ng tamang gramatika at istruktura na tumutugma sa orihinal na teksto.	4.70	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Naisasaayos ang katumpakan ng wika sa pamamagitan ng pagkakapareho ng sintaktikong estruktura ng orihinal at salin na teksto.	4.65	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Sinusuri ang pagsasalin batay sa pag-akma ng bokabularyo sa konteksto ng bawat pangungusap.	4.67	0.51	Lubos na Sumasang-ayon
Nabibigyang-halaga ang pagsasalin at parehong kahulugan tulad ng orihinal na teksto sa bawat aspeto ng wika.	4.64	0.50	Lubos na Sumasang-ayon
Isinasagawa ang pagsasalin gamit ang mga pamantayan ng wika na tumutukoy sa wastong paggamit ng idyomatikong pahayag.	4.67	0.53	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean	4.66		
SD	0.53		
Verbal Interpretation	Lubos na Nasuri		

Batay sa nakalap na resulta nagpapakita lamang na mataas ang antas ng pagsusuri ng mananaliksik sa pagsasalin ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa katumpakan ng wika.

pinagmulang pahayag. Ang mga pagsusuring ito ay upang matukoy ang tumpak na kahulugan at kasunod ay muling bigyang buhay ang pahayag sa bagong salin na may parehong kahulugan at diwa gamit ang mga leksikon at istrukturang gramatikal upang maiangkop sa kulturang pinanggalingan.

Katulad ng pahayag nina Safei at Salija (2018), ani ni Larson ang katumpakan ng pagsasalin ay sumasalamin sa pag-aaral ng leksikon, istrukturang gramatika, sitwasyong pangkomunikasyon at kontekstong pangkultural na

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng pagsusuri sa pagsasalin ng awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa Pagbabago sa Estruktura ng awit o tula at may literal na paliwanag na lubos na nasuri.

Talahanayan 3. Antas ng Pagsusuri sa Pagsasalin ng Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa Pagbabago sa Estruktura ng Awit o Tula

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Inuunawa ang mga pagbabago sa estruktura ng awit o tula upang matukoy kung ang ritmo at meter ay nananatiling pareho sa salin.	4.68	0.52	Lubos na Sumasang-ayon
Sinusuri ang salin kung paano binago ang pagkakaayos ng mga taludtod at saknong ng salin kumpara sa orihinal na teksto.	4.62	0.54	Lubos na Sumasang-ayon
Ang pag-aangkop ng estruktura ng orihinal na awit o tula sa target na wika ay tinitingnan upang matukoy ang mga kinakailangang pagbabago.	4.62	0.56	Lubos na Sumasang-ayon
Naglalaman ang pagsusuri ng paghahambing sa pagitan ng estruktura ng orihinal at salin na teksto upang sukatin ang anumang paglihis.	4.68	0.56	Lubos na Sumasang-ayon
Nabubuo ang estruktura ng tula o awit sa pamamagitan ng pag-aangkop ng anyo at nilalaman.	4.64	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean	4.65		
SD	0.54		
Verbal Interpretation	Lubos na Nasuri		

Batay sa nakalap na resulta nagpapakita lamang na mataas ang antas ng pagsusuri ng mananaliksik sa pagsasalin ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa Pagbabago ng Estruktura.

anyo ng mga awit na sumusunod sa isang mas maayos na metro ay nakabuo ng mas modernong anyo na sumasalamin sa mga impluwensiyang kanluranin, at higit na pinag-eksperimentuhan ng mga lokal na musikero.

Kahalintulad sa aspeto ng musika ni Flores (2015) sa kanyang artikulo na Contemporary Philippine Folk Songs: Form and Transformation, na ang mga tradisyunal na awit-bayan ay nakaranas ng pagbabago sa estruktura kasabay ng modernong teknolohiya at global na impluwensya. Ang mga orihinal na

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng pagsusuri sa pagsasalin ng awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa Pagpapanatili ng Estilo.



Talahanayan 4. Antas ng Pagsusuri sa Pagsasalin ng Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa Pagpapanatili ng Estilo

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Sinusuri ang pagkakatulad sa istilo ng pagsasalin kumpara sa orihinal na teksto sa aspeto ng tono at tema.	4.59	0.61	Lubos na Sumasang-ayon
Sa pagsasalin, tinitingnan kung napanatili ang artistikong istilo ng orihinal, tulad ng paggamit ng mga metapora at simbolismo.	4.60	0.51	Lubos na Sumasang-ayon
Ang pagsusuri ay kinabibilangan ng pagsisiyasat kung ang estilo ng orihinal na awit o tula ay naipahayag sa parehong paraan sa salin.	4.66	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Tinitiyak kung ang mga pang-emosyonal na aspeto ng istilo ay napananatili sa salin sa kabila ng pag-aangkop ng wika.	4.59	0.59	Lubos na Sumasang-ayon
Ang pagsusuri ng istilo ay kinabibilangan ng pagtukoy kung ang orihinal na istilo ng pagpapahayag at pagpapakahulugan ay tumpak na nailipat.	4.69	0.52	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean	4.63		
SD	0.56		
Verbal Interpretation	Lubos na Nasuri		

Batay sa nakalap na resulta nagpapakita lamang na mataas ang antas ng pagsusuri sa pagsasalin ng awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa pagpapanatili ng Estilo.

unawa sa istruktura at layunin ng orihinal na likha upang maipasa ang parehong karanasan sa mambabasa sa kanilang sariling wika.

Katulad ng pahayag ni Baker (2018) na ang pagpapanatili ng estilo ay isang hamon sa mga tagasalin, partikular na sa pagsasalin ng mga tekstong pampanitikan. Ayon sa kanya, mahalaga na ang tagasalin ay magkaroon ng malalim na pag-

Ang talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng pagsusuri sa pagsasalin ng awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa Kalinawan ng Salin

Talahanayan 5. Antas ng Pagsusuri sa Pagsasalin ng Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa Kalinawan ng Salin

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Ang kalinawan ng salin ay sinusuri sa pamamagitan ng pagsukat kung gaano kahusay na naililipat ang pangunahing mensahe ng orihinal na teksto.	4.72	0.53	Lubos na Sumasang-ayon
Nailalapat ang antas ng pagkakaunawa ng mambabasa sa salin kumpara sa orihinal na teksto.	4.58	0.61	Lubos na Sumasang-ayon
Nahihinuha ang kalinawan kung ang salin ay nagbigay ng parehong epekto sa target na mambabasa tulad ng orihinal.	4.68	0.54	Lubos na Sumasang-ayon
Natutukoy ang mga bahagi ng salin na maaaring magdulot ng kalituhan at kung paano ito naituwid.	4.63	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Isinasagawa ang pagsasalin batay sa kung gaano ito kadali at epektibong nauunawaan ng mga mambabasa.	4.68	0.62	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean	4.66		
SD	0.57		
Verbal Interpretation	Lubos na Nasuri		

Ang mga pahayag na Ang kalinawan ng salin ay sinusuri sapamamagitan ng pagsukat kung gaano kahusay na naililipat ang pangunahing mensahe ng orihinal na teksto ay nakakuha ng (M=4.72, SD=0.53), Nailalapat ang antas ng pagkakaunawa ng mambabasa sa salin kumpara sa orihinal na teksto ay nakakuha ng (M=4.58, SD=0.61), Nahihinuha ang kalinawan kung ang salin ay nagbigay ng parehong epekto sa target na mambabasa tulad ng orihinal ay nakakuha ng (M=4.68, SD=0.54), Natutukoy ang mga bahagi ng salin na maaaring magdulot ng kalituhan at kung paano ito naituwid ay nakakuha ng (M=4.63, SD=0.57) at Isinasagawa ang pagsasalin batay sa kung gaano ito kadali at epektibong nauunawaan ng mambabasa ay nakakuha ng (M=4.68, SD=0.62). Ito ay may kabuuang mean na 4.66, standard deviation na 0.57 at nagpapakita ng interpretasyon na lubos na nasuri.

Kagaya sa pahayag ni Alejandro (2014), sa kanyang Sining ng Pagsasalin, “Magagawa lamang ang isang matapat na pagsasalin ng ibang taong may kaalaman sa wikang orihinal na pagkakasukat ay parang isang datihang sumusulat sa wikang iyon. Kung kaya’t ang pagsasalin ay paraan ng paglilipat ng wikang ginagamit sa akda patungo sa salin sa pamamagitan ng ibang wika.”

Ang talahanayan 6 ay nagpapakita ng Pinagsama-samang Pagsusuri sa Pagsasalin ng awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao



Talahanayan 6. Pinagsama-samang Pagsusuri sa Pagsasalin ng Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao

Indicators	Weighted Mean	SD	Verbal Interpretation
Pamamaraan ng Pagsasalin	4.67	0.56	Lubos na Nasuri
Katumpakan ng Wika	4.66	0.53	Lubos na Nasuri
Pagbabago sa Estructura ng Awit o Tula	4.65	0.54	Lubos na Nasuri
Pagpapanatili ng Estilo	4.63	0.56	Lubos na Nasuri
Kalinawan ng Salin	4.66	0.57	Lubos na Nasuri
Grand Mean	4.65		
SD	0.55		
Verbal Interpretation	Lubos na Nasuri		

Batay sa nakalap na resulta nagpapakita lamang na mataas ang antas ng pagsusuri ng mananaliksik sa pagsasalin ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa pamamaraan ng pagsasalin, katumpakan ng wika, pagbabago sa estruktura ng awit at tula, pagpapanatili ng estilo at kalinawan ng salin.

Kagaya sa pahayag ni Pym (2014), ang pagsasalin ng mga tula ay isang larangang nakatuon sa pagpapaliwanag ng ugnayan ng wika at kultura. Sinabi ni Pym na ang mga tagasalin ay kailangang bigyang-diin ang kultural na konteksto ng orihinal na tula upang mapanatili ang "espíritu" nito sa salin. Ipinapakita

sa pananaliksik na madalas hindi sapat ang direktang pagsasalin ng mga salita, at kinakailangan ng masusing pagsasaalang-alang sa kulturang pinagmulan ng tula upang ang layunin at mensahe nito ay hindi mawala. Ang mga kontemporaryong tagasalin ng tula ay hinahamon na lumikha ng balanseng salin na may paggalang sa parehong lingguwistik at kultural na elemento.

Ang talahanayan 8 ay nagpapakita ng antas ng kaalaman sa pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga lumad sa Mindanao batay sa paglilipat ng metapora at simbolismo.

Talahanayan 7. Antas ng Kaalaman sa Pagpapakahulugan ng mga Tradisyunal na Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa Paglilipat ng Metapora at Simbolismo

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Ang pagsasalin ay sinusuri kung ang metapora sa orihinal na teksto ay nailipat nang tumpak sa target na wika.	4.77	0.46	Lubos na Sumasang-ayon
Natutukoy na tama ang kahulugan kung ang simbolismo ng orihinal na awit o tula ay napanatili sa salin.	4.68	0.54	Lubos na Sumasang-ayon
Sa pagsusuri, nauugnay sa pag-aangkop ng metapora at simbolismo sa isang paraan na mauunawaan ng target na mambabasa.	4.68	0.51	Lubos na Sumasang-ayon
Nakasisigurong tama ang pagpapakahulugan kung ang mga metapora at simbolismo ay hindi nawawala sa salin at patuloy na epektibo sa bagong konteksto.	4.68	0.54	Lubos na Sumasang-ayon
Inilalarawan kung ito ay nagbibigay ng katulad na epekto ng simbolismo na nakita sa orihinal na teksto.	4.60	0.51	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean	4.68		
SD	0.51		
Verbal Interpretation	Lubos na Nabigyang-kahulugan		

Batay sa nakalap na resulta nagpapakita lamang na mataas ang antas ng kaalaman ng mananaliksik sa pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao sa Paglilipat ng Metapora at simbolismo.

Kagaya sa isang artikulo mula sa The Translation Journal (2017), tinatalakay ang mga estratehiya para sa pagpili ng katumbas na metapora sa pagsasalin. Ang artikulo ay nagpapakita na ang mga tagasalin ay dapat maghanap ng mga metapora na may katulad na epekto sa target na wika, kahit na

hindi laging posible na mapanatili ang eksaktong pagkakatulad sa mga metapora. Ang mga tagasalin ay maaaring gumamit ng mga lokal na metapora na nagdadala ng katulad na kahulugan at emosyonal na epekto.

Ang talahanayan 8 ay nagpapakita ng antas ng kaalaman sa pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa pagbabago ng tono at damdamin.



Talahanayan 8. Antas ng Kaalaman sa Pagpapakahulugan ng mga Tradisyunal na Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa Pagbabago ng Tono at Damdamin

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Naipaliliwanag ang antas ng pagkakatulad ng tono ng salin sa tono ng orihinal na awit o tula.	4.69	0.50	Lubos na Sumasang-ayon
Ang pagbabago sa damdamin na ipinahahayag sa salin ay tinutukoy kung ito ay nananatiling pareho sa orihinal.	4.64	0.54	Lubos na Sumasang-ayon
Naglalaman ang pagsusuri ng pagtukoy kung ang tono at damdamin ay naipahayag sa paraang kapani-paniwala sa target na wika.	4.57	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Sinusuri kung ang emosyonal na aspeto ng orihinal na teksto ay napanatili sa salin.	4.66	0.53	Lubos na Sumasang-ayon
Ang antas ng pagbabago sa tono at damdamin ay sinusuri upang mabigyang-pansin ang paglihis mula sa orihinal na pagkakahayag.	4.65	0.52	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean	4.64		
SD	0.53		
Verbal Interpretation	Lubos na Nabigyang-kahulugan		

Batay sa nakalap na resulta nagpapakita lamang na mataas ang antas ng kaalaman ng mananaliksik sa pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao sa Pagbabag ng Tono at Damdamin.

Kagaya sa pahayag ni Mendoza (2015), binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagbibigay pansin sa tono ng isang teksto sa proseso ng pagsasalin. Ang tono ng isang teksto ay tumutukoy sa damdamin o attityud na ipinapahayag ng may-akda sa pamamagitan ng kanyang wika. Sa kanyang pag-aaral,

isinasaalang-alang niya na ang tono ay maaaring magbago sa pagsasalin dahil sa pagkakaiba-iba ng wika at kultura. Halimbawa, ang isang seryosong tono sa isang akdang pampanitikan ay maaaring magbago kapag isinasalin sa isang wika na may ibang paraan ng pagpapahayag ng emosyon.

Ang talahanayan 9 ay nagpapakita ng antas ng kaalaman sa pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa pag-unawa sa orihinal na mensahe.

Talahanayan 9. Antas ng Kaalaman sa Pagpapakahulugan ng mga Tradisyunal na Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao batay sa Pag-unawa sa Orihinal na Mensahe

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Sinusuri ang pag-unawa sa mensahe ng salin kung ito ay tumutugma sa mensahe ng orihinal na teksto.	4.78	0.43	Lubos na Sumasang-ayon
Natutukoy ang pagkakapareho ng interpretasyon ng mensahe sa pagitan ng orihinal at salin.	4.60	0.53	Lubos na Sumasang-ayon
Naiuugnay ang pagsasalin kung nagbibigay ng parehong kahulugan at epekto sa target na tagatugon.	4.68	0.49	Lubos na Sumasang-ayon
Nasusukat ang pang-unawa sa pamamagitan ng feedback mula sa mambabasa kung lubos nilang naunawaan ang mensahe.	4.76	0.47	Lubos na Sumasang-ayon
Nailalarawan ang halaga ng salin sa pamamagitan ng pangunahing tema at mensahe ng orihinal na awit o tula.	4.64	0.60	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean	4.69		
SD	0.51		
Verbal Interpretation	Lubos na Nabigyang-kahulugan		

Ang mga pahayag na Sinusuri ang pag-unawa sa mensahe ng salin kung ito ay tumutugma sa mensahe ng orihinal na teksto ay nakakuha ng (M=4.78, SD=0.43), Natutukoy ang pagkakapareho ng interpretasyon ng mensahe sa pagitan ng orihinal at salin ay nakakuha ng (M=4.60, SD=0.53), Naiuugnay ang pagsasalin kung nagbibigay ng parehong kahulugan at epekto sa target na tagatugon ay nakakuha ng (M=4.68, SD=0.49), Nasusukat ang pang-unawa sa pamamagitan ng feedback mula sa mambabasa kung lubos nilang naunawaan ang mensahe ay nakakuha ng (M=4.76, SD=0.47) at Nailalarawan ang halaga ng salin sa pamamagitan ng pangunahing tema at mensahe ng orihinal na awit o tula ay nakakuha ng (M=4.64, SD=0.60). Ito ay may kabuuang mean

na 4.69, standard deviation na 0.60 at nagpapakita ng interpretasyon na lubos na nabigyang-kahulugan.

Kagaya sa pahayag ni Steiner (2014), ito'y isang paraan ng pag-unawa sa orihinal na mensahe na naglalayon na masuri ang mas malalim na kahulugan ng teksto. Ang hermeneutika ay tumutukoy sa interpretasyon ng mensahe sa mas malalim na antas, kung saan ang tagasalin ay gumaganap ng papel na nagbibigay-kahulugan sa orihinal na teksto. Ang prosesong ito ay hindi lamang simpleng paglilipat ng wika, kundi pagsisikap na dalhin ang mas malalim na mensahe at kahulugan sa isang bagong audience.



Ang talahanayan 10 ay nagpapakita ng pinagsama-samang Kaalaman sa pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao

Talahanayan 10. Pinagsama-samang Kaalaman sa Pagpapakahulugan ng mga Tradisyunal na Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao

Indicators	Weighted Mean	SD	Verbal Interpretation
Paglilipat ng Metapora at Simbolismo	4.68	0.51	Lubos na Sumasang-ayon
Pagbabago ng Tono at Damdamin	4.64	0.53	Lubos na Sumasang-ayon
Pag-unawa sa Orihinal na Mensahe	4.69	0.51	Lubos na Sumasang-ayon
Grand Mean	4.67		
SD	0.52		
Verbal Interpretation	Lubos na Nabigyang-kahulugan		

Katulad ng pahayag ni Jocson (2020), ang pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga katutubong komunidad ay mahigpit na nakatali sa kultural na konteksto. Ayon sa pag-aaral, hindi maaaring ganap na maunawaan ang mga kahulugan ng mga ito kung hindi isasama ang mga paniniwala, tradisyon, at mga kasanayan ng komunidad. Sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga simbolismo at pahiwatig sa kanilang sariling wika at kultura, ang mga tradisyunal na awit at tula ay nagbibigay ng mas malalim na kahulugan at

pagkakakilanlan sa mga tagapakinig o mambabasa. Sa ganitong paraan, ang pagpapakahulugan ng mga katutubong likha ay nagiging mahalagang bahagi ng kanilang pagpapanatili ng pagkakakilanlan bilang komunidad.

Ang talahanayan 11 ay nagpapakita ng antas ng kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin batay sa pagkakapareho sa orihinal

Talahanayan 11. Antas ng Kahalagahan sa Katumpakan ng Wika at Pagpapanatili ng Kultura sa Pagsasalin batay sa Pagkakapareho ng Salin sa Orihinal

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Nauunawaan ang pagkakapareho ng salin sa orihinal na teksto batay sa pagkakatumugma ng mga pangunahing ideya at tema.	4.68	0.54	Lubos na Sumasang-ayon
Natutukoy ang pagkakapareho ng estruktura at nilalaman ng salin kumpara sa orihinal na teksto.	4.63	0.59	Lubos na Sumasang-ayon
Naiiangkop ang mga detalye mula sa orihinal na teksto ng salin upang matiyak ang katumpakan.	4.68	0.54	Lubos na Sumasang-ayon
Nabibigyang-linaw ang pagkakapareho ng pagkakasunod-sunod ng mga ideya at kaganapan sa salin kumpara sa orihinal.	4.61	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Naisasagawa ang pagkakapareho sa pagitan ng orihinal at salin kung ito ay nagiging epektibo sa pagbibigay ng parehong karanasan sa mambabasa.	4.65	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean	4.65		
SD	0.56		
Verbal Interpretation	Lubos na Naisalin		

Batay sa nakalap na resulta nagpapakita lamang na mataas ang antas ng kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin batay sa pagkakapareho ng Salin sa Orihinal.

lamang tungkol sa literal na pagsasalin ng mga salita kundi pati sa pagtataguyod ng parehong anyo at mensahe ng orihinal na teksto. Ang formal correspondence ay mahalaga upang mapanatili ang pagkakatulad ng estruktura at wika, habang ang textual equivalence ay nakatuon sa pagpaparing ng parehong layunin at epekto sa target na wika.

Kagaya sa pahayag ni Catford (2014) sa kanyang aklat na A Linguistic Theory of Translation, ang isang pangunahing layunin ng pagsasalin ay ang tiyakin na ang nilalaman ng orihinal na teksto ay nananatili sa salin, kabilang ang kahulugan at istruktura. Tinukoy niya ang "formal correspondence" at "textual equivalence," kung saan ang pagsasalin ay hindi

Ang talahanayan 12 ay nagpapakita ng antas ng kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin batay sa teksto ng gramatikal na katumpakan.



Talahanayan 12. Antas ng Kahalagahan sa Katumpakan ng Wika at Pagpapanatili ng Kultura sa Pagsasalin batay sa Teksto ng Gramatikal na Katumpakan

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Sinusuri ang gramatikal na katumpakan ng salin kung ito ay sumusunod sa tamang gamit ng wika.	4.68	0.52	Lubos na Sumasang-ayon
Natutukoy ang antas ng pag-unawa sa gramatikal na pagkakaayos ng wika sa pagitan ng orihinal at salin.	4.68	0.50	Lubos na Sumasang-ayon
Tinutukoy at itinatama ang mga pagkakamali sa salin upang matiyak ang tamang pagkakagamit ng wika.	4.68	0.49	Lubos na Sumasang-ayon
Naglalaman ng pagtitiyak ng mga pangungusap para sa tamang pagkakasunod-sunod ng mga bahagi ng pananalita.	4.73	0.45	Lubos na Sumasang-ayon
Naisasagawa nang maayos ang salin kung walang mga gramatikal na pagkakamali na makaaapekto sa pag-unawa ng mensahe.	4.39	0.58	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean	4.68		
SD	0.51		
Verbal Interpretation	Lubos na Naisalin		

Batay sa nakalap na resulta nagpapakita lamang na mataas ang antas ng kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin batay sa teksto ng gramatikal na katumpakan.

Kagaya sa pahayag ni Parra (2016), ang gramatika ay gabay sa wasto at maayos na paglulupon ng mga salita sa pangungusap. Ang gramatika ang batayan sa wastong gamit ng salita, ito ay

mahalagang sangkap sa pagwawasto at pagtatama ng mga kamalian sa loob ng pangungusap. Ang maling paggamit nito ay maaring magresulta sa hindi pagkakaunawaan.

Ang talahanayan 13 ay nagpapakita ng antas ng kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin batay sa paggamit ng tamang bokabularyo.

Talahanayan 13. Antas ng Kahalagahan sa Katumpakan ng Wika at Pagpapanatili ng Kultura sa Pagsasalin batay sa Paggamit ng Tamang Bokabularyo

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Sinusuri ang tamang paggamit ng bokabularyo sa salin upang matiyak ang pagkakapareho sa orihinal na teksto.	4.70	0.46	Lubos na Sumasang-ayon
Sa pagkakaroon ng tamang bokabularyo ng salin, sinisiguradong tumpak ang pagbuo ng mga pahayag.	4.59	0.62	Lubos na Sumasang-ayon
Naiuuri ang mga pagpipilian sa bokabularyo upang matukoy kung ito ay angkop sa konteksto ng orihinal na teksto.	4.62	0.52	Lubos na Sumasang-ayon
Naiuugnay ang salin kung ang bokabularyo ay tumpak at epektibo sa pagpaparating ng orihinal na mensahe.	4.63	0.50	Lubos na Sumasang-ayon
Nakabubuo ng tamang bokabularyo upang matiyak kung ang salin ay tulad sa orihinal na teksto.	4.59	0.56	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean	4.63		
SD	0.54		
Verbal Interpretation	Lubos na Naisalin		

Ang mga pahayag na Sinusuri ang tamang paggamit ng bokabularyo sa salin upang matiyak ang pagkakapareho sa orihinal na teksto ay nakakuha ng (M=4.70, SD=0.46), Sa pagkakaroon ng tamang bokabularyo ng salin, sinisiguradong tumpak ang pagbuo ng mga pahayag ay nakakuha ng (M=4.59, SD=0.62), Naiuuri ang mga pagpipilian sa bokabularyo upang matukoy kung ito ay angkop sa konteksto ng orihinal na teksto ay nakakuha ng (M=4.62, SD=0.52), Naiuugnay ang salin kung ang bokabularyo ay tumpak at epektibo sa pagpaparating ng orihinal na mensahe ay nakakuha ng (M=4.63, SD=0.50) at Nakabubuo ng tamang bokabularyo upang matiyak kung ang salin ay tulad sa orihinal na teksto ay nakakuha ng (M=4.59, SD=0.56). Ito ay may kabuuang mean na 4.65, standard

deviation na 0.56 at nagpapakita ng interpretasyon na lubos na naisalin.

Kagaya sa pahayag ni Newmark (2016), ang tamang bokabularyo ay mahalaga upang makamit ang "semantic accuracy" o ang tiyak na pag-unawa sa kahulugan ng teksto. Binibigyang-diin niya na ang pagkakapili ng tamang salita ay nakakatulong sa pagbuo ng tumpak at nauunawaan na pagsasalin na nagpapahayag ng parehong impormasyon at emosyon ng orihinal na teksto.

Ang talahanayan 14 ay nagpapakita ng antas ng kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin batay sa pagtutugma ng kultural na nilalaman.



Talahanayan 14. Antas ng Kahalagahan sa Katumpakan ng Wika at Pagpapanatili ng Kultura sa Pagsasalin batay sa Pagtutugma ng Kultural na Nilalaman

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Nasusuri kung ang salin ay maayos na naitutugma sa kultural na aspeto ng orihinal na teksto, tulad ng mga tradisyon at kaugalian.	4.74	0.48	Lubos na Sumasang-ayon
Nabibigyang-pansin ang pag-aanalisa ng pag-aangkop sa kultural na nilalaman kung paano naililipat ang mga kultural na detalye sa target na wika.	4.53	0.57	Lubos na Sumasang-ayon
Nahihinuha kung ang salin ay naglalarawan ng kultural na konteksto ng orihinal na teksto nang tama.	4.70	0.46	Lubos na Sumasang-ayon
Natitiyak ang pagtutugma ng kultural na nilalaman kung ang mga kultural na simbolo at kaugalian ay napanatili.	4.64	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Naitutugma ang kultural na mensahe ng salin sa orihinal na teksto.	4.67	0.51	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean	4.66		
SD	0.52		
Verbal Interpretation	Lubos na Naisalin		

Katulad sa pahayag nina Nida at Taber (2018) sa kanilang aklat na ang pagtutugma ng kultural na nilalaman ay isang pangunahing bahagi ng proseso ng pagsasalin. Ang kanilang modelo ng "dynamic equivalence" ay nagmumungkahi na ang tagasalin ay dapat magbigay pansin hindi lamang sa literal na kahulugan kundi pati sa kultural na konteksto upang ang

pagsasalin ay makapagbigay ng parehong epekto sa target na audience tulad ng orihinal.

Ang talahanayan 15 ay nagpapakita ng antas ng kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin batay sa pagsasama ng tradisyonal na paniniwala.

Talahanayan 15. Antas ng Kahalagahan sa Katumpakan ng Wika at Pagpapanatili ng Kultura sa Pagsasalin batay sa Pagsasama ng Tradisyunal na Paniniwala

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Sa pamamagitan ng pagsasalin, nasusuri kung paano isinasama ang tradisyunal na paniniwala mula sa orihinal na teksto.	4.77	0.45	Lubos na Sumasang-ayon
Natutukoy ang antas ng integrasyon sa pagsasama ng mga paniniwala at ritwal sa salin upang mapanatili ang orihinal na kultural na pahayag.	4.59	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Nabibigyang-pansin ang pagsusuri kung paano naililipat ang mga espirital na aspekto at simbolismo sa salin.	4.70	0.48	Lubos na Sumasang-ayon
Natataya ang wastong paglalahad ng mga tradisyunal na paniniwala sa pamamagitan ng kakayahan ng salin.	4.60	0.56	Lubos na Sumasang-ayon
Maayos na isinasama sa salin ang mga paniniwala sa konteksto ng target na mambabasa.	4.63	0.54	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean	4.66		
SD	0.52		
Verbal Interpretation	Lubos na Naisalin		

Batay sa nakalap na resulta nagpapakita lamang na mataas ang antas ng kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin batay sa pagsasama ng tradisyunal na paniniwala ng salin.

akdang pampanitikan. Ang mga tradisyonal na paniniwala ay nagbibigay ng kontekstong kultural na nagpapalawak sa pag-unawa ng mga mambabasa sa mensahe ng awit o tula.

Kagaya sa pahayag ni Rilke (2018), ang pagsasama ng mga tradisyonal na paniniwala ay tumutulong sa pagbuo ng mas malalim na koneksyon sa pagitan ng mga mambabasa at ng

Ang talahanayan 16 ay nagpapakita ng antas ng kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin batay sa pagtanggap ng komunidad.

Talahanayan 16. Antas ng Kahalagahan sa Katumpakan ng Wika at Pagpapanatili ng Kultura sa Pagsasalin batay sa Pagtanggap ng Komunidad

Mga Pahayag	Mean	SD	Remarks
Sinusuri kung paano tinanggap ng komunidad ang salin gamit ang kanilang reaksyon at pag-unawa sa teksto.	4.70	0.60	Lubos na Sumasang-ayon
Nabibigyang-diin ang pagtanggap ng komunidad sa pamamagitan ng mungkahi o opinyon mula sa lokal na populasyon.	4.59	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Natutukoy ang salin kung naging epektibo sa paglalahad ng orihinal na mensahe hinggil sa pananaw ng komunidad.	4.71	0.47	Lubos na Sumasang-ayon



Nasusukat ang pagtanggap ng komunidad sa pamamagitan ng pagtukoy sa antas ng paggamit sa salin bilang bahagi ng kanilang kultural na buhay.	4.65	0.50	Lubos na Sumasang-ayon
Nakapag-aambag sa pagpapanatili ng kultural na pagkakakilanlan sa komunidad ang sinuring salin.	4.65	0.55	Lubos na Sumasang-ayon
Weighted Mean	4.66		
SD	0.53		
Verbal Interpretation	Lubos na Naisalin		

Batay sa nakalap na resulta nagpapakita lamang na mataas ang antas ng kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin batay sa pagtanggap ng komunidad sa salin.

impluwensya sa pagbuo ng pandamdang sa isang likha, kaya ang pagtanggap nito ay maaaring magpataas o magbaba ng halaga at pagtanggap ng isang tula o awit sa mas malawak na antas.

Kagaya sa pahayag ni Lefevere (2014) sa kanyang aklat ang pagtanggap ng komunidad ay may malaking papel sa tagumpay ng mga pagsasalin at adaptasyon ng mga tula at awit. Ang komunidad ay maaaring magkaroon ng malalim na

Ang talahanayan 17 ay nagpapakita ng pinagsama-samang kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin.

Talahanayan 17. Pinagsama-samang Kahalagahan sa Katumpakan ng Wika at Pagpapanatili ng Kultura sa Pagsasalin

Indicators	Weighted Mean	SD	Verbal Interpretation
Pagkakapareho ng Salin sa Orihinal na teksto	4.65	0.56	Lubos na Naisalin
Gramatikal na Katumpakan	4.68	0.51	Lubos na Naisalin
Paggamit ng Tamang Bokabularyo	4.63	0.54	Lubos na Naisalin
Pagtutugma ng Kultural na Nilalaman	4.66	0.52	Lubos na Naisalin
Pagsasama ng Tradisyonal na Paniniwala	4.66	0.52	
Pagtanggap ng Komunidad	4.66	0.53	Lubos na Naisalin
Grand Mean	4.76		
SD	0.53		
Verbal Interpretation	Lubos na Naisalin		

Batay sa nakalap na resulta nagpapakita lamang na mataas ang antas ng kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin batay sa pagkakapareho ng salin sa orihinal, teksto ng gramatikal na katumpakan, paggamit ng tamang bokabularyo, pagtutugma ng kultural na nilalaman at pagsasama ng tradisyunal na paniniwala.

kung saan ang tagasalin ay dapat magpahayag ng tapat na salin habang hindi nawawala ang tunay na diwa ng orihinal na kultura ng teksto. Ang pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin ay dapat ding bigyang-diin upang hindi maipilit ang mga pananaw ng target na kultura sa orihinal na gawa.

Kagaya sa pahayag ni Venuti (2017), ang katumpakan sa pagsasalin ay hindi lamang teknikal kundi etikal din. Ipinapaliwanag niya ang ideya ng "translator's invisibility"

Ang talahanayan ay tumatalakay sa makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng pagsusuri sa pagsasalin ng awit at tula ng mga lumad sa Mindanao at kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura.

Talahanayan 18. Makabuluhang Kaugnayan sa Pagitan ng Pagsusuri sa Pagsasalin ng Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao at Kahalagahan sa Katumpakan ng Wika at Pagpapanatili ng Kultura

Pagsusuri sa Pagsasalin ng Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao	Kahalagahan sa Katumpakan ng Wika at Pagpapanatili ng Kultura sa Pagsasalin						
	Pagkakapareho ng Salin sa Orihinal teksto	Gramatikal na Katumpakan	Paggamit ng Tamang Bokabularyo	Pagtutugma ng Kultural na Nilalaman	Pagsasama ng Tradisyonal na Paniniwala	Pagtanggap ng Komunidad	
Pamamaraan ng Pagsasalin	Pearson Correlation Significance (2-Tailed)	0.6108	0.5741	0.4312	0.5842	0.5346	0.4970
	N	110	110	110	110	110	110
	Analysis	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig
Katumpakan ng Wika	Pearson Correlation Significance (2-Tailed)	0.5866	0.5973	0.4938	0.6087	0.5889	0.5127
	N	110	110	110	110	110	110



	Analysis	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig
Pagbabago sa Estructura ng Awit o Tula	Pearson	0.5926	0.5049	0.4048	0.5791	0.4727	0.4460
	Correlation	1.0000	0.4580	0.5428	0.8662	0.7976	0.7748
	Significance (2-Tailed)	110	110	110	110	110	110
N							
	Analysis	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig
Pagpapanatili ng Estilo	Pearson	0.7327	0.6331	0.6159	0.6093	0.6987	0.5151
	Correlation	0.3843	0.0948	1.0000	0.3464	0.2201	0.3288
	Significance (2-Tailed)	110	110	110	110	110	110
N							
	Analysis	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig
Kalinawan ng Salin	Pearson	0.6399	0.6245	0.4891	0.5920	0.6268	0.6669
	Correlation	0.8174	0.5391	0.3862	0.9540	0.9510	0.9012
	Significance (2-Tailed)	110	110	110	110	110	110
N							
	Analysis	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig

Sa mga natuklasan mula sa itaas, maaaring magbigay hinuha sa 0.05 level of significance, ang palagay na walang nangyayari “Walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng pagsusuri sa pagsasalin ng awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao at kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin” ay tanggapin, at ipinapakita nito na walang relasyon sa pagitan nila.

Ang talahanayan ay tumatalakay sa makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kaalaman sa pagpapakahulugan ng mga

tradisyunal na awit a tula ng mga Lumad sa Mindanao at kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura

Sa mga natuklasan mula sa ibaba, maaaring magbigay hinuha sa 0.05 level of significance, ang palagay na walang nangyayari “Walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kaalaman sa pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao at kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin” ay tanggapin, at ipinapakita nito na walang relasyon sa pagitan nila.

Talananayan 19. Makabuluhang Kaugnayan sa Pagitan ng Kaalaman sa Pagpapakahulugan ng mga Tradisyunal na Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao at Kahalagahan sa Katumpakan ng Wika at Pagpapanatili ng Kultura

Kaalaman sa pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao	Kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin						
	Pagkakapareho ng Salin sa Orihinal na teksto	Gramatikal na Katumpakan	Paggamit ng Tamang Bokabularyo	Pagtutugma ng Kultural na Nilalaman	Pagsasama ng Tradisyonal na Paniniwala	Pagtanggap ng Komunidad	
Paglilipat ng Metapora at Simbolismo	Pearson	0.6087	0.6254	0.6113	0.5656	0.6012	0.4888
	Correlation	0.3134	0.8016	0.0670	0.3944	0.4305	0.5416
	Significance (2-Tailed)	110	110	110	110	110	110
N							
	Analysis	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig
Pagbabago ng Tono at Damdamin	Pearson	0.6657	0.5478	0.5594	0.5399	0.5693	0.5381
	Correlation	0.7637	0.2849	0.6588	0.6626	0.5648	0.5606
	Significance (2-Tailed)	110	110	110	110	110	110
N							
	Analysis	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig
Pag-unawa sa Orihinal na Mensahe	Pearson	0.5127	0.5325	0.5297	0.5335	0.6090	0.6813
	Correlation	0.2174	0.5594	0.0408	0.2354	0.2283	0.2349
	Significance (2-Tailed)	110	110	110	110	110	110
N							
	Analysis	Not Sig	Not Sig	Sig	Not Sig	Not Sig	Not Sig

Ang kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin ay direktang nauugnay sa paglilipat ng

metapora at simbolismo, pagbabago ng tono at damdamin at pag-unawa sa orihinal na mensahe. Ang ugnayan ng paglilipat



ng metapora at simbolismo sa pagpapanatili ng wika ay walang gaanong ugnayan ngunit makabuluhan. Ipinapakita nito na bagaman may positibong epekto ang tamang paglilipat ng metapora at simbolismo sa pagpapanatili ng wika, ito ay hindi gaanong kalakasan. Samantala, ang ugnayan nito sa pagpapanatili ng kultura ay mas mababa na nagpapahiwatig na ang paglilipat ng mga metapora at simbolismo ay malaki ang epekto sa wika kaysa sa kultura. May moderatong positibong ugnayan ang pagbabago ng damdamin sa pagpapanatili ng wika at sa pagpapanatili ng kultura. Ipinapakita nito na ang pagbabago ng damdamin ay mahalagang aspeto sa pagsasalin upang mapanatili ang wika at kultura, lalo na't ito ay may makabuluhang epekto sa dalawang aspeto. Ang kaugnayan ng pag-unawa sa orihinal na mensahe sa pagpapanatili ng wika ay nagpapakita ng kabuluhan.

Sa kultura, ang ugnayan ng pag-unawa sa orihinal na mensahe ay mas mababa, ngunit positibo pa rin na nagpapakita na ang malinaw na interpretasyon ng mensahe ay may papel sa pagpapanatili ng kultura..

Konklusyon at Rekomendasyon

Konklusyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito ang mga konklusyon ay nabuo:

1. Ang hypothesis na “Walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng pagsusuri sa pagsasalin at pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin, kung kaya't ito'y tanggapin sapagkat ang kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura sa pagsasalin ay hindi sapat upang magkaroon ng direktang impluwensya sa pamamaraan ng pagsasalin, katumpakan ng wika, pagbabago sa estruktura ng awit at tula, pagpapanatili ng Estilo at kalinawan ng salin.

2. Ang hypothesis na “Walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng kaalaman sa pagpapakahulugan ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad sa Mindanao sa kahalagahan sa katumpakan ng wika at pagpapanatili ng kultura” ay tanggapin, dahil ang paglilipat ng metapora at simbolismo, pagbabago ng tono at damdamin at pag-unawa sa prihinal na mensahe ay hindi nagkaroon ng makabuluhang epekto sa pagpapanatili ng wika at kultura sa pagsasalin. Nabanggit sa kabuuan na hindi tinanggap ang hypothesis, subalit sa aspeto naman ng pag-unawa ng orihinal na mensahe ay nagpakita ito ng kabuluhan.

Rekomendasyon

Hango sa kinalabasan at konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon.

1. Ang mga tagapagsalin ay dapat na magpatuloy sa pagsasanay, lalo na sa aspetong kultural ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad. Ang pagkakaroon ng eksperto sa

kultura at wika ng mga Lumad sa pagsasanay ay makakatulong upang mapahusay ang kalidad ng pagsasalin.

2. Ang mga paaralan at institusyon ay dapat magbigay ng higit na pansin sa pagtuturo ng mga tradisyunal na awit at tula ng mga Lumad, hindi lamang sa antas ng wika kundi pati na rin sa mas malalim na pagkakaunawa sa kanilang kultural na konteksto. Mahalaga ito upang mapanatili ang kahulugan at diwa sa bawat pagsasalin.

SANGGUNIAN

1. Alejandro, R. (2014). *“Ang Sining ng Pagsasalin. Manila: Rex Bookstore.*
2. Baker, M. (2018). *In Other Words: A Coursebook on Translation (3rd ed).* Routledge.
3. Catford, J. C. (2014). *A Linguistic Theory of Translation.* Oxford University Press.
4. Dela Cruz, J. (2020). *Pagsasalin, dapat nang kilalanin bilang propesyon – A -Imario hinalaw sa <https://varsitarian.net/filipino/20200109/pagsasalin-dapat-nang-kilalanin-bilang-propesyon-almario>*
5. Flores, M. N. (2020). *Pangasinan: isang etnokultural na pagmamapa. Sentro ng Wikang Filipino. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Lungsod Quezon.*
6. Ki, E (2021). *Ano Ang Pagsasalin Ng Wika? – Kahulugan At Halimbawa Nito hinalaw sa <https://philnews.ph/2021/06/09/ano-ang-pagsasalin-ng-wika-kahulugan-at-halimbawa-nito/>*
7. Ladines, J. (2019). *Ang suliranin at kaligiran ng pagsasalang wika.*
8. Lefevere, A. (2014). *Translation, Rewriting, and the Manipulation of Literary Fame.* Routledge.
9. *Linguistics and Literature. (2020). Metaphor in Translation: Modern and Traditional Approaches.* Retrieved from <https://www.linguisticsandliterature.com/>
10. Mendoza, R. (2015). *Pagsasalin ng Tono at Damdamin sa mga Akdang Pampanitikan.* University of the Philippines Press.
11. Nida, E. A. (2020). *Translation Studies.* Retrieved from <https://scholar.google.com/>.
12. Newmark, P. (2016). *A Textbook of Translation.* Prentice Hall.
13. Parra, A., (2016). *Gramatika ng Wikang Filipino.* Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino. Hinalaw mula sa <https://www.swfupdiliman.org/>.
14. Pym, A. (2014). *Exploring Translation Theories.* Routledge.
15. Rilke, R. M. (2018). *Translating the Sacred: The Challenge of Preserving Cultural Beliefs.* University of Chicago Press.
16. Safei, N.U & Salija, K.(2018). *The Naturalness and Accuracy of English Short Story Translation into Indonesian.*
17. *Sinipi mulasa <https://ojs.un-m.ac.id/ELT/article/view/5770>*
18. Steiner, G. (2014). *After Babel: Aspects of Language and Translation.* Oxford University Press.
19. Tigno, J. V. (2021). *Indigenous identity and resistance in the southern Philipin:*
20. *Reinterpreting Lumad narratives. Philippine Studies: Historical and Ethnographic viewpoints. Translation Studies, Volume 11, Issue 3 (2018)*
21. Venuti, L. (2017). *The Translator's Invisibility: A History of Translation.* Routledge.